# DAGLI

ANG OPISYAL NG PAHAYAGAN NG CARD MBA

**Enero - Marso 2019** [Tomo 2 Bilang 3]



*Sama-samang pagre-repack ng CARD MRI Staff at mga miyembro upang mabilis na maihatid ang Family Pack sa mga nasalantang member sa Bicol* —- **EDISON TUICO, DCC & Underwriting Manager**

## CDRAP Operation sa Kabikulan dahil kay Bagyong Usman

Matapos manalanta ng bagyong Usman noong Disyembre 29, 2018 sa bansa ay maraming lubos na naapektuhang miyembro lalo't higit sa lugar ng Kabikulan. Agad na nagpadala ng agarang tulong ang CARD MRI sa mga *member* na naapektuhan ng bagyo sa pamamagitan ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP) Operation.

Umabot sa 72,053 ang total na nabigyan ng Family Pack sa lugar ng Kabikulan samantalang 115,273 naman ang kabuuang bilang ng naipamahaging Family Pack sa lahat ng apektadong member sa bansa. Ito ay naging posible dahilan sa pagtutulungan ng CARD MRI Staff at ilang mga miyembro na nagnanais ding maipadama ang diwa ng pamilya sa bawat miyembro.

## Mass Wedding sa Buwan ng Pag-ibig

Bago sumapit ang araw ng mga puso, ang CARD MBA ay muling nakapagpakasal ng siyam (9) na pares sa ilalim ng serbisyong Mass Wedding. Ito ay ginanap noong Pebrero 11, 2019 sa Convention Hall Municipal of General M. Natividad, Nueva Ecija. Ang mga naipakasal na magkakapareha ay mula sa mga miyembro ng General Natividad Unit, CARD Inc. Nueva Ecija 4.

Ang kasalan ay nasaksihan ng CARD MBA Staff, CARD MRI Staff at ilang kawani ng munisipalidad sa bayan ng General M. Natividad. Nagkaroon rin ng maikling programa at nagpasalamat si Ms. Rose Navarro, cluster manager ng CARD MBA Luzon 2 Cluster. Sa pamamagitan ng tulong-tulong na preparasyon ay naging maayos at matagumpay ang pag-iisang dibdib ng siyam na pares.

## Seguro Journey: Basilan at Tawi-tawi



*Center Meeting sa lugar ng Tawi-tawi kasama ang Microinsurance Team ng CARD MBA* — **ROY JABONAN, Cluster Manager**

Matapos mabuksan ang Provincial Office sa Zamboanga City, agad na bumisita ang Microinsurance team sa lugar ng Tawi-tawi noong Pebrero 16, 2019 at sa Basilan noong Marso 5-6, 2019. Ito ay pinangunahan ng CARD MBA Mindanao 3 Cluster Manager na si Mr. Roy Jabonan sa Tawi-tawi at ng CARD MBA Deputy Director for Operation ng Mindanao Region na si Ms. Rona Nava sa Basilan.

Kasama rin ng Microinsurance Team ang Operation Staff ng CARD, Inc. na todo-suporta sa CARD MBA.

Ang layunin ng pagbisitang Ito ay upang maibahagi ng CARD MBA ang kahalagahan ng Microinsurance sa bansa; upang maipaabot sa mga miyembro ng Tawi-Tawi at Basilan ang mga bagong patakaran at polisiya ng CARD MBA; at upang makakuha pa ng mga katanungan o suhestiyon sa ikagaganda pa ng produkto at serbisyo ng CARD MBA. Naging mas makabuluhan pa ang naging pagbisita ng Microinsurance Team dahilan sa mga kwentong ibinahagi ng mga member patungkol sa kanilang iba't ibang karanasan sa kanilang lugar katuwang ang CARD MRI.

## CARD MRI at CARD MBA, dumalo ng National Microinsurance Forum



*Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MRI Founder, sa kaniyang bating panimula sa National Microinsurance Forum* — **RIMANSI Mi-MBA Association of Philippines, Inc.**

Bilang pakikiisa ng CARD MRI at CARD MBA sa selebrasyon ng National Microinsurance Month sa Pilipinas, dumalo sa National Microinsurance Forum ang CARD MRI Founder na si Dr. Jaime Aristotle B. Alip at ang CARD MBA Chief Executive Officer na si Ms. May S. Dawat noong nakaraang January 22, 2019 sa Century Park Hotel, Manila. Ang naging tema, ay “Partnerships and Innovations” kung saan tinalakay ang kapakinabangan, mga hamong kinahaharap at pagbabago hinggil sa microinsurance. Ito rin ay naging pagkakataon na makilala ng bawat kalahok ang iba't ibang sangay na nagsusulong ng programang Microinsurance sa bansa gaya ng Mi-MBA, MFIs, Insurance Commission at iba pang sangay ng gobyerno.

Kaugnay pa rin sa pakikiisa ng CARD MBA sa selebrasasyon ng National Microinsurance Month, naging paraan din ito na magkaroon ng kamalayan patungkol sa Microinsurance ang mga member at mga Pilipino sa pamamagitan ng social media. Ang CARD MBA ay patuloy pa rin sa pagsulong na maipabatid sa lahat ang kahalagahan ng pagkakaroon ng Microinsurance ang bawat mamayang Pilipino.

## MEMBERSHIP AT CLAIMS UPDATE

(as of March 31, 2019)

**5,273,326**
AKTIBONG KASAPI

**18,688,460**
BILANG NG NAKASEGURO

**252,106**
**PhP480 MILYON**
NABAYARANG BENEPISYO MULA ENERO HANGGANG MARSO 2019

**CDRAP**
**161,313**
FAMILY PACKS
**P13,616,516.60**

**MASS WEDDING**
**9**
PARES

**95.12%**
NABAYARANG CLAIMS SA LOOB NG
**8-24 HOURS CLAIMS STRATEGY**

## ANUNSYO

**Congratulations sa mga bagong iskolar ng CARD MBA:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Lucas, Nacell Jane A.** | Ilocos Norte | **Villanueva, JC Rhyme C.** | Bataan |
| **Manliclic, Camille Joy M.** | Pampanga | **Lumor, Erika J.** | Laguna 2 |
| **Gasco, Rehymabbel A.** | Camarines Norte | **Sarco, Jun Lister A.** | Leyte 2 |
| **Ursal, Janebe C.** | Masbate | **Membreve, Mary Ann D.** | TIMGAS/Bohol |

**CARD MBA, Inc.**
A member of CARD MRI

MICRO INSURANCE

**EDITORIAL BOARD:**
Editor-in-Chief: **May S. Dawat**
Associate Editor: **Jennifer O. Redublo**
Writer: **Cristy C. Enriquez**
Lay-out Artist: **Ivan B. Atendido**
Contributors: **Anthony B. Yacap | Renalyn E. Abrigo | Ilyn C. Pelomeo**